



## *Hantungan ng Programa*

Ang programang Stocked Full of Produce ay para sa mga imprastraktura o kosmetikong pag-upgrade ng mga komersyal na negosyo na nasa itinatalagang lugar na ipinapakita sa itaas. Ang mga negosyo at dapat nasa loob ng Lungsod ng Stockton.

rev: Oct. 2023


*City of Stockton Economic Development*

400 E. Main Street, 4th Floor
Stockton, CA 95202
(209) 937-8539
economic.development@stocktonca.gov

**www.advantagestockton.com**


CITY OF STOCKTON



# *Stocked Full of Produce*

PROGRAMA PARA SA IMPRASTRUKTURA

CITY OF STOCKTON

# Stocked Full of Produce

Ang Stocked Full of Produce ay isang programa na tutulong sa mga may-ari ng mga tindahan para sa mga kinakailangang upgrade sa imprastraktura para maisulong ang pagbebenta at pag-iimbak ng mga mas malusog na mga pagpipilian na pagkain. Ang mga tindahang ito ay makapagbibigay ng magandang dulot sa mga miyembro ng komunidad sa pamamagitan ng mas madaling pag-access sa mga masusustansyang pagkain, tulad ng mga sariwang prutas at gulay, whole wheat na pang-meriyenda, at low-fat na produktong dairy.

Ipinagkaloob ang mga pondo bilang isang gawad, na maaaring magamit para sa pagpapabuti o sa pagbili ng mga kagamitan para sa layuning ito.

# Pagpopondo ng Programa

Maipagkakaloob ng Stockton ang gawad na ito sa pamamagitan ng Community Development Block Grant (CDBG) na pederal na pagpopondo, at sa pakikipagsosyo sa Refresh San Joaquin, upang matugunan ang kawalan ng seguridad sa pagkain.

Ang mga kwalipikadong negosyo ay maaaring ipagkalooban ng hanggang $15,000 na pondo sa ilalim ng programang ito.

Ang lahat ng gawad ay napapailalim sa pagkakaroon ng mga pondo.







# Mga Kinakailangan para sa Programa

- Komersyal na negosya, tulad ng mga tindahan o sari-sari store.
- Matatagpuan sa loob ng mga limitasyon ng Lungsod ng Stockton.
- Karapat-dapat na paggamit ng mga pondo:
  - Para sa pagpapabuti ng tindahan upang ma-enganyo ang mga customer na bumili ng mas malusog na mga pagpipilian sa pagkain;
  - Para sa pagpapahusay ng imprastraktura na susuporta sa pag-iimbak ng mas malusog na pagpipilian sa pagkain;
  - Para sa pagbili ng mga kagamitan tulad ng cold storage units, mga istante, o kaya mga imbakan;
  - Para sa mga gastos sa paggawa ng mga pagpapabuti.

# Proseso ng Aplikasyon

Kumpletuhin at isumite ang aplikasyon sa pamamagitan ng portal ng Stockton: https://portal.neighborlysoftware.com/stocktonca/participant

Kupag ang aplikasyon ay itinuturing karapat-dapat, isasagawa ang kasunduan sa pagitan ng aplikante at ng Lungsod ng Stockton bago masimulan ang anumang pagbili ng kagamitan o serbisyo sa ilalim ng programang ito. Ang gawad na ito ay hindi maaaring ipagkaloob sa mga gastos para sa mga kagamitang naibili o serbisyo na sinimulan bago ma-aprubahan ang gawad.